

Protokol para sa mga Programa na Nagbibigay ng Pang-araw na Pangangalaga (Day Care) para sa mga Bata na nasa Edad nang Mag-aral

Kamakailang mga Pagbabago (Mga pagbabago ay naka-highlight sa dilaw)

4/28/21: Binago para ipakita ang mga pagbabago sa pinakamalaking (maximum) sukat ng mga hindi nagbabago-bagong (stable) grupo. Nagdagdag ng mga patnubay para sa paghahati ng mga mas malalaking silid para mapaglaman ng maraming hindi nagbabago-bagong grupo.

Ang mga rate ng kaso ng COVID-19, mga pagpapaospital, at mga kamatayan ay bumababa na, ngunit ang transmisyong sa komunidad ay nananatiling katamtaman. Patuloy ang COVID-19 sa pagbabadya ng mataas na panganib sa mga komunidad at inaatasan ang lahat ng mga tao at mga negosyo na gumawa ng mga pag-iingat at baguhin ang mga operasyon at aktibidad para bawasan ang panganib ng pagkalat. Ang mga kinakailangan sa ibaba ay partikular sa lahat ng mga programa, kabilang ang mga programa sa Maagang Pangangalaga at Edukasyon na mga Programa (Early Care and Education Programs o ECE), at iba pang mga programa na nagbibigay ng pang-araw na pangangalaga (day care) para sa mga bata na nasa edad nang mag-aral bago, sa panahon, o pagkatapos ng mga normal na aras sa paaralan. Ang mga lugar na ito ay pinahihintulutan na magbukas ng Utos ng Opisyal ng Estado sa Pampublikong Kalusugan. Dagdag pa sa mga kondisyong ipinataw ng Gobernador sa mga partikular na lugar ng pagdarausan na ito, ang mga uri ng mga negosyong ito ay dapat ring sumunod sa mga kondisyon na inilatag sa Listahang ito. Ang mga lugar na lisensyado bilang mga Programa sa Maagang Pangangalaga at Edukasyon ay dapat ring sumunod sa [gabay](#) ng Pampublikong Kalusugan ng Los Angeles County at [Plano sa Pangangasiwa ng Pagkakalantad](#) para sa mga programang ECE.

Ang anumang programa na nagpapalano para magkaloob ng pangangalagang pang-araw sa mga batang nasa edad nang mag-aral at palawakin ang kanilang mga operasyon nang higit sa mga limitasyon ng kanilang kasalukuyang lisensya sa pangangalagang pambata, o higit sa mga limitasyon ng kanilang katayuan na hindi saklaw ng lisensya (license-exempt status), ay dapat na makipag-usap sa kanilang [Pang-rehiyong Tanggapan](#) ng Paglilisensya sa Pangangalaga sa Pamayanan para tukuyin kung sila ay inaatasan na kumuha ng isang pagpapaubayang pang-emerhensiya (emergency waiver) mula sa mga karagdagang kinakailangan sa paglilisensya. Para sa karagdagang impormasyon sa mga pagpapaubaya sa pangangalagang pambata (childcare waivers) tingnan ang [PN 20-22-CCP](#).

ESPESYAL NA TALA PARA SA MGA K-12 NA PAARALAN: Ang mga paaralan na nagkaloob ng anumang anyo ng pangangalagang pang-araw para sa mga batang nasa edad nang mag-aral sa isang lugar ng K-12 na paaralan ay inaatasan ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Los Angeles County na kumumpleto at ihain ng isang abiso sa kagawaran na inilalarawan ang saklaw ng iyong mga aktibidad sa pangangalagang pambata at iyong lisensya sa pangangalagang pambata o katayuan sa pagpapaubaya (waiver status). Ang mga tagubilin para sa pagkukumpleto at isang ugnay sa survey sa online ay magagamit [dito](#).

- Kung ikaw ay lisensyado na magkaloob ng mga serbisyo ng ECE at nagsisilbi lamang sa mga bata na nasa panggrupong edad na pre-kindergarten at mas bata pa, **HINDI** mo na kailangan na ihain ang abisong ito.
- Kung ang iyong programa ay nagkaloob ng pangangalagang pambata (childcare) sa mga batang nasa edad nang mag-aral sa anumang kapaligiran maliban sa isang K-12 na lugar ng paaralan, **HINDI** mo na kailangan na ihain ang abisong ito.

Mangyaring tandaan: Maaaring baguhin ang dokumentong ito habang may magagamit na karagdagang impormasyon at mga mapagkukunan kung kaya't regular na tingnan ang website ng La County <http://www.ph.lacounty.gov/media/Coronavirus/> para sa anumang mga pagbabago sa dokumentong ito.

Ang listahang ito ay sumasaklaw sa:

- (1) Mga patakaran at kasanayan para protektahan ang kalusugan ng empleyado
- (2) Mga hakbang para matiyak ang pisikal na pagdistansya (physical distancing)
- (3) Mga hakbang para matiyak ang wastong pagkontrol ng impeksyon
- (4) Komunikasyon sa mga empleyado at publiko
- (5) Mga hakbang para matiyak ang pantay-pantay na akses (equitable access) sa mga kritikal na serbisyo

Ang limang pangunahin na aspetong ito ay dapat na matugunan habang binubuo ng iyong pasilidad ang anumang mga protokol sa muling pagbubukas.

Ang lahat ng mga Programa na saklaw ng patnubay na ito ay dapat na ipinatupad ang lahat ng mga naaangkop na hakbang na nakalista sa ibaba at maging handa na ipaliwanag kung bakit ang anumang hakbang na hindi ipinatupad ay hindi naaangkop sa Programa.

Pangalan ng Programa: _____

Address ng _____

Pasilidad: _____

A. MGA PATAKARAN AT KASANAYAN SA LUGAR NG TRABAHO PARA PROTEKTAHAN ANG KALUSUGAN NG EMPLEYADO (ITSEK ANG LAHAT NG NALALAPAT SA PASILIDAD)

- Ang lahat ng tao na kayang gawin sa bahay ang kanilang mga tungkulin sa trabaho ay inaatasan na gawin ito.
- Hangga't maaari, ang mga mahihirang kawani (mga taong higit sa 65 ang edad, mga taong may malubhang kondisyon sa kalusugan) ay tatalagahan ng trabaho na maaaring gawin sa bahay.
- Hangga't maaari ang mga proseso sa trabaho ay binago upang paramihin ang mga oportunidad para sa mga empleyado na makapagtrabaho sa bahay. Isaalang-alang ang pag-aalok sa mga manggagawa, at boluntaryong kawani na humihiling ng mga binagong opsyon sa mga tungkulin na nakapagpapababa ng kanilang pakikisalamuha/kontak sa ibang mga tao (hal. mga tungkuling administratibo).
- Salit-salitan, hanhingan o paglilipat na mga schedule ay pinasimulan, para mapakinabangan ang pisikal na pagdistansya.
- Ang lahat ng mga empleyado (kabilang ang bayad na kawani, at mga boluntaryo; sama-samang tinatawag na "mga empleyado") ay sinabihan na huwag pumasok sa trabaho kung may-sakit, o kung sila ay nalantad sa isang tao na may COVID-19. Naiintindihan ng mga empleyado na sumunod sa patnubay ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan para sa sariling pagbubukod at pagquarantine, kung naaangkop. Ang mga patakaran para sa bakasyon sa trabaho ay sinuri na at binago para masiguro na ang mga empleyado ay hindi parurusahan kapag sila ay nanatili sa bahay dahil sa sakit.
- Kung naipaalam na isa o higit pang mga empleyado ay nasuring positibo, ang amo o employer ay may plano o protokol na isasaayos upang ang (mga) kaso ay maibukod ang kanilang mga sarili sa bahay at mangailangan ng pag-quarantine sa sarili (self-quarantine) ang lahat ng mga empleyado na nagkaroon ng pagkakalantad sa (mga) kaso sa lugar ng trabaho (workplace). Ang plano ng amo o employer ay dapat na may isang protokol para sa lahat ng mga empleyado na nakabukod na magkaroon ng akses sa o masuri para sa COVID-19 nang sa gayon ay matukoy kung mayroon pang karagdagang mga pagkakalantad sa lugar ng trabaho, na maaaring kailanganin ng karagdagang mga hakbang sa pagkontrol ng COVID-19.



- Ang mga pagsusuri o screening sa sintomas ay isinasagawa bago pumasok sa lugar ng trabaho ang mga empleyado. Ang lugar o site ay dapat na sumunod sa gabay ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan sa [mga Landas ng Desisyon](#) para sa mga taong nasuring positibo para sa mga sintomas bago ang pagpasok sa institusyong pang-edukasyon o habang nasa institusyong pang-edukasyon. Dapat na kasama sa pagsusuri o screening ang isang pagtatanong tungkol sa mga sintomas na tumutukoy sa posibleng impeksyon ng COVID-19 na nakalista sa Landas ng Desisyon at kung ang empleyado ay kasalukuyang sumasailalim sa mga utos ng pagbubukod o pag-quarantine. Ang mga pagsusuring ito ay maaaring gawin nang malayuan (remotely) o personal sa pagdating ng empleyado. Isang pagsusuri sa temperatura ay dapat din gawin sa lugar ng trabaho kung magagawa.
- Ang mga pasilidad ay inaatasan na abisuhan ang Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan sa lahat ng mga indibidwal na may kumpirmadong kaso ng COVID-19 na nasa lugar sa anumang punto sa loob ng 14 na araw bago ang petsa ng pagsisimula ng sakit. Ang isang kumpirmadong kaso ng COVID-19 ay isang indibidwal na mayroong positibong pagsusuri sa COVID-19. Ang petsa sa pagsisimula ng sakit ay ang unang araw ng mga sintomas ng COVID-19 o petsa ng pagsusuri sa COVID-19, alinman ang mas maaga.
- Ang ligtas na pag-uulat online ay ang mas pinipiling paraan sa pag-ambon sa Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng mga pagkakatantad sa COVID-19 at maaaring gawin sa isang kompyuter o mobile na aparato na may akses sa ligtas na aplikasyon ng web: <http://www.redcap.link/lacdph.educationsector.covidreport>. Kung ang online na pag-uulat ay hindi magagawa, ang pag-uulat ay maaaring gawin ng manu-manong pamamagitan ng pagda-download at pagkumpleto sa [COVID-19 Kaso at Kontak Listahan ng Linya para sa Sektor ng Edukasyon](#) at pagpapadala nito sa ACDC-Education@ph.lacounty.gov.
 - o Ang pag-uulat ng 1 o 2 kumpirmadong kaso ay dapat na gawin sa loob ng 1 araw ng negosyo pagkatapos na maabisuhan sa (mga) kaso.
 - o Sa kaganapan na 3 o higit pang mga kaso ng COVID-19 ay kinilala sa loob ng pasilidad sa tagal na 14 na araw, ang amo o employer ay dapat agad na iulat ang kumpol na ito sa Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan. Ang Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ay makikipagtulungan sa programa para tukuyin kung ang kumpol ay isang pagsiklab na nangangailangan ng isang imbestigasyon sa pagsiklab ng pampublikong kalusugan.
- Ang mga empleyado na may nakikisalamuha o kontak sa ibang mga tao ay inaalok, nang walang gagastusin, ng isang nangkop na maskara na tumatakip sa ilong at bibig. Ang maskara ay dapat na isuot ng empleyado sa lahat ng oras sa araw ng trabaho kapag nakikisalamuha o malamang na makisalamuha sa ibang mga tao. Ang mga empleyado na inutusan ng kanilang medikal na tagapagbigay (medical provider) na hindi sila dapat magsuot ng isang maskara ay dapat na magsuot ng panangga ng mukha (face shield) na may maluwag na tela (drape) sa ibabang dulo, para sumunod sa mga direktiba ng Estado, hangga't ang kanilang kondisyon ay pinahihintulutan ito. Isang maluwag na tela na nakina sa ilalim ng baba ay mas mainam. Ang mga maskara (mask) na may mga isang paraan bababa ay hindi dapat gamitin.
- Ang lahat ng mga empleyado ay dapat na magsuot ng mga maskara sa lahat ng oras maliban kapag nagtatrabaho mag-isa sa mga pribadong opisina na may saradong pinto o kapag kumakain o umiinom. Ang eksepsyon na ginawa noong nakaraan para sa mga empleyado na nagtatrabaho sa mga kubiko na may solidong partiyon o panghiwalay na lagpas sa taas ng empleyado habang nakatayo ay napawalang halaga.
- Ang mga empleyado ay inatasan na labahan o palitan araw-araw ang kanilang mga maskara.
- Para matiyak na ang mga maskara ay isinusuot ng tuloy-tuloy at tama, hindi hinihikayat ang mga empleyado na kumain o uminom maliban sa mga oras ng panandaliang pahinga (breaks) kapag nagagawa na nilang tanggalin ng ligtas ang kanilang mga maskara at pisikal na dumistansya mula sa ibang mga tao. Sa lahat ng oras kapag kumakain o umiinom, dapat na magpanatili ang mga empleyado ng hindi bababa sa anim na talampakang distansya mula sa ibang mga tao. Kung maaari kapag kumakain o umiinom, mas mainam na gawin ito sa labas at malayo sa ibang mga tao. Ang pagkain o pag-inom sa isang kubiko o puwesto ng trabaho ay mas mainam kaysa sa pagkain sa isang silid



sa panandaliang pagpapahinga (breakroom) kung ang pagkain sa isang kubiko o puwesto ng trabaho ay nagkakaloob ng higit na distansya mula sa ibang mga tao at mga harang sa pagitan ng mga manggagawa.

- Ang pag-okupa ay binawasan at ang espasyo sa pagitan ng mga empleyado ay sinasagad (maximized) sa anumang silid o lugar na ginamit ng mga empleyado para sa pagkainan at/o pagpapahinga. Ito ay nakamit na sa pamamagitan ng:
 - Pagpapaskil ng pinaka-maraming pag-okupa na hindi pabago-bago na may pagpapagana na hindi bababa sa anim na talampakan sa pagitan ng mga indibidwal sa mga silid o lugar na ginagamit para sa pag-papahinga; at
 - Halinhinan sa oras ng pag-papahinga o pagkain para bawasan ang pag-okupa sa mga silid o lugar na ginagamit para sa kainan at pag-papahinga; at
 - Paglalagay ng mga mesa na anim na talampakan ang layo at pagitiyak ng anim na talampakan sa pagitan ng mga upuan, pagtanggap o pagte-tape ng mga upuan para bawasan ang pag-okupa, paglalagay ng mga marka sa mga sahig para tiyak ang pagdistansya, at pagsasaayos sa pagkakaupo sa paraan na binabawasan ang halagang kontak. Ang paggamit ng mga partiyon ay hinihikayat para lalong mapigilan ang pagkalat ngunit hindi dapat ituring na isang pamalit para sa pagbawas ng pag-okupa at pagpanatili ng pisikal na pagdistansya.
- Ang mga empleyado ay inaalokan ng mga guwantes na gagamitin para sa mga gawain tulad ng pagsisilbi ng pagkain, pag-aasikaso ng basura, o paggamit ng mga produkto sa paglilinis at pagdidisimpekta.
- Ang mga empleyado ay inatasan na magpanatili ng hindi bababa sa anim (6) na talampakang pagdistansya mula sa mga bisita at mula sa isa't isa sa lahat ng mga lugar ng pasilidad kailanman magagawa. Maaaring panandalian lumapit ang mga empleyado kapag kailangan para tulungan ang mga bata, o kung kinakailangan.
- Ang mga banyo at iba pang mga karaniwang lugar ay dinidisimpekta nang madalas, **ngunit hindi bababa sa isang beses kada araw** sa sumusunod na iskedyul:
 - Mga banyo _____
 - Iba pa _____
- Ang mga pandisimpekta at iba pang kaugnay na gamit ay magagamit ng mga empleyado sa mga sumusunod na (mga) lokasyon:

- Ang mga hand sanitizer na epektibo laban sa COVID-19 ay magagamit ng lahat ng empleyado sa mga sumusunod na (mga) lokasyon:

- Ang mga empleyado ay pinaaalalahanan na hugasan ang kanilang mga kamay nang madalas.
- Ang kopyang protokol na ito ay naipamahagi na sa bawat empleyado.
- Hangga't magagawa, ang bawat manggagawa ay tinalagahan ng kanilang mga sariling kagamitan at inatasan na iwasan ang pagsasalo-salo ng mga telepono, tablet, two-way na radyo, iba pang mga gamit sa trabaho o kagamitan sa opisina saanman maaari. Sila rin ay inatasan na huwag kailanman maghiraman ng Pansariling Pamprotektang Kagamitan.
- Kung saan ang mga bagay ay dapat na mapagsaluhan, ang mga ito ay dinidisimpekta gamit ang isang panlinis na naaangkop para sa ibabaw sa pagitan ng mga paglilipat o paggamit, alinman dito ang mas madalas, kabilang ang mga sumusunod: pinagsasaluhang mga kagamitan sa opisina tulad ng mga tagakopya, mga fax machine, mga printer, mga telepono, mga keyboard, mga stapler, mga staple remover, pambukas ng sulat, mga ibabaw sa mga lugar ng tanggapan o reception areas, mga pinagsasaluhang estasyon ng trabaho, audio at video na kagamitan, walkie talkies, atbp.
- Nagbibigay ng oras sa mga manggagawa para ipatupad ang mga kasanayan sa paglilinis sa kanilang trabaho. Ang mga pagtatalaga sa paglilinis ay itinatalaga sa mga oras ng trabaho bilang bahagi ng

tungkulin sa trabaho ng mga empleyado. Baguhin ang mga oras, kung kinakailangan, para masiguro ang regular, masinsinang paglilinis, kung naaangkop. Ang mga pagpipilian para sa mga ikatlong partidong kumpanya ng paglilinis ay kinuha para tumulong sa tumaas na pangangailangan sa paglilinis, kung kinakailangan.

- Subaybayan ang madalas na pagliban ng mga kawani at magkaroon ng talaan ng sinanay na mga kapalit na empleyado saanman magagamit.
- Ang lahat ng mga patakaran na inilarawan sa listahang ito maliban sa mga may kaugnayan sa mga tuntunin ng trabaho ay nalalapat sa kawani ng pagdedeliber (delivery staff) at anumang iba pang mga kumpanya na maaaring nasa mga nasasakupang lugar bilang mga ikatlong partido.
- Opsyonal—Ilarawan ang iba pang mga hakbang:

B. MGA HAKBANG PARA MATIYAK ANG PISIKAL NA PAGDISTANSYA

PAGDATING AT PAG-ALIS

- Limitahan ang bilang ng mga tao sa pasilidad sa bilang na naaangkop para mapanatili ang pisikal na pagdidistansya.
- Kung ang mga transportasyong sasakyan (hal., mga bus) ay ginagamit ng programa, ang mga drayber ay dapat na isagawa ang lahat ng mga aksyon at protokol ng kaligtasan gaya ng itinukoy para sa iba pang kawani (hal., kalinisan ng kamay, mga maskara, at pisikal na pagdistansya).
 - o Ang pisikal na pagdistansya sa mga transportasyong sasakyan ay dapat rin na pasimulan sa pamamagitan ng mga hakbang tulad ng magkaroon ng isang bata kada bus/upuan ng sasakyan o paggamit ng mga salit-salitang hira.
 - o Buksan ang mga bintana at parkin nang sagad ang espasyo sa pagitan ng mga bata at drayber ng mga transportasyong sasakyan saanman maaari.
- Ang lahat ng mga bata, kawani, at bisita ay dapat na magsuot ng mga maskara.
- Pababain o bawasan ang kontak sa pagitan ng kawani, mga bata at pamilya sa simula at katapusan ng araw.
- Kung maaari isaayos ang lugar ng pagbababaan at pagsundo ng mga bata sa pintuan ng pasilidad, para limitahan ang bilang ng mga magulang at bisita na kailangang pumasok sa gusali.
- Hangga't maaari, lagyan ng puwang na hindi pabago-bago ang mga oras ng pagdating at pagbaba, at mga lokasyon upang mapababa ang mga hamon sa pag-iiskedyul para sa mga pamilya.
- Magtalaga ng mga ruta para sa pagpasok at paglabas, gamit ang maraming pasukan kung magagawa. Isaayos ang iba pang mga protokol para limitahan ang direktang kontak sa ibang mga tao hangga't praktikal.
- Maglagay ng mga pisikal na gabay, gaya ng marka sa mga sahig o bangketa at mga palatandaan sa mga pader, upang masiguro na ang mga kawani at mga bata ay nananatiling hindi bababa sa 6 na talampakan ang layo sa mga pila at sa iba pang mga oras (hal., mga gabay para sa paglilikha ng mga "isang daanan na ruta" sa mga pasilyo, at mga pila sa oras ng pagsundo at pagbababa ng mga bata).

PANGLIBANGANG LUGAR

- Ang mga aktibidad ng pangangalagang pambata (childcare), panloob o panlabas man, ay dapat na isagawa sa mga hindi nagbabago-bagong grupo na nagpapanatili ng pisikal na pagdistansya sa mga bata at sa pagitan ng mga bata at kawani at hindi naghahalo kasama ang iba pang mga hindi nagbabago-bagong grupo ("hindi nagbabago-bago" o stable ay nangangahulugan na ang parehong mga bata at kawani ang nasa parehong grupo bawat araw hangga't maaari).

Pinakamalaking sukat (maximum size) ng mga hindi nagbabago-bagong grupo

- o Kung ang programa na nagbibigay ng mga serbisyo sa pangangalagang pang-araw ay

kasalukuyang gumagana bilang isang programa na hindi saklaw ng lisensya. Ang pinakamalaking sukat (maximum size) ng mga hindi nagbabago-bagong grupo ay nililimitahan ayon sa bilang ng mga bata na nagpapahintulot sa lahat ng bata sa grupo na magpanatili ng pisikal na pagdistansya na 3 talampakan mula sa lahat ng iba pang mga bata sa loob ng magagamit na espasyo ng programa. Ang mga kawani ay dapat ring magpanatili ng 6 na talampakang distansya mula sa mga bata at mula sa iba pang kawani. Ang sukat ng mga grupong hindi nagbabago-bago ay hindi maaaring lumagpas sa pinakamarami (maximum) na 30 bata at dalawang nangangasiwang nakatatanda hindi alintana ang sukat ng magagamit na espasyo ng programa.

- o **Kung ang programa na nagbibigay ng mga serbisyo sa pangangalagang pang-araw sa kasalukuyan ay may lisensya sa pangangalagang pambata o kung nag-iwan na ng isang pagpapaubaya (waiver) sa emerhensyang pangangalagang pamamata** mula sa California Department of Social Services Community Care Licensing Division (CCLD), ang pinakamalaking sukat ng mga hindi nagbabago-bagong grupo ay nililimitahan ayon sa bilang ng mga bata na nagpapahintulot sa lahat ng bata sa grupo na magpanatili ng pisikal na pagdistansya na hindi bababa sa 3 talampakan mula sa lahat ng iba pang mga bata at hindi bababa sa 6 na talampakang distansya mula sa lahat ng iba pang kawani. Ang mga kawani ay dapat ring magpanatili ng hindi bababa sa 6 na talampakang distansya mula sa lahat ng iba pang kawani. Walang oras na ang (mga) sukat ng hindi nagbabago-bagong grupo ay hihigit sa pinakamaraming bilang ng mga bata para sa (mga) aprubadong espasyo na pinahihintulutan ng lisensya o pagpapaubaya ng CCLD. Ang mga programa sa Pangangalagang Pang-araw (Day Care) ay maaaring kailanganin na magpanatili ng mga hindi nagbabago-bagong grupo na mas maliit kaysa sa pinakamarami na pinahihintulutan ng CCLD upang makasunod sa mga inaatas ng pisikal na pagdistansya na itinatag sa protokol na ito.

- **Kung ang pasilidad ay kinabibilangan ng anumang malalaking silid, ang mga silid na ito ay maaaring ihiwalay sa mas maliliit na lugar, na ang bawat isa ay nagsisilbi sa hanggang sa pinakamaraming 30 bata, o ang bilang na nagpapahintulot sa lahat ng mga bata na magpanatili ng pinakamababa na tatlong (3) talampakang distansya mula sa isa't isa at pinakamababa na anim (6) na talampakan mula sa mga kawani at anim na talampakan sa pagitan ng mga kawani sa loob ng magagamit na espasyo, alinmang kabuuan ang mas maliit. Ang isang napakalaking espasyong panloob, tulad ng isang gymnasium o multipurpose room na hinati sa mas maliliit na lugar, ay hindi maaaring gamitin ng higit sa tatlong hindi nagbabago-bagong grupo (pinakamarami na 90 bata) sa anumang isang panahon. Ang mga sumusunod na pag-iingat ay dapat na gawin kapag ang mga silid ay hinati-hati:**

- **Ang mga regulasyon sa sunog, kaligtasan at kapaligiran ay dapat na isaalang-alang kapalit ng mga panghat.**
- **Ang mga panghati ng silid ay dapat na umabot mula sa sahig hanggang sa taas na hindi bababa sa 8 talampakan at dapat na gawa mula sa mga hindi tinatagusang materyales na maaaring regular na linisin.**
- **Ang mga panghati ng silid ay dapat na ilagay sa isang paraan na isinasagad ang bentilasyon at daloy ng hangin upang pahintulutan ang malusog na pagkontrol ng temperatura at pagtanggali ng mga kontaminado.**
- **Ang mga panghati ng silid ay dapat na matibay na nakatayo sa sahig sa paraan na pinabababa ang panganib ng pagdulas, pagtalisod, at pagbagsak.**
- **Sa oras na hiniwalay, ang bawat lugar ay dapat na mag-iwan ng sapat na espasyo para sa pisikal na pagdistansya (yon ay isang distansya na 3 talampakan sa pagitan ng mga bata, 6 na talampakan sa pagitan ng mga bata at kawani, at 6 na talampakan sa pagitan ng mga kawani).**
- **Ang mga hinating silid ay dapat na idisenyo nang sa gayon ang isang hindi nagbabago-bagong grupo ng mga bata ay maaaring pumasok at lumabas nang hindi dumadaan sa lapit na 6 na talampakan ng isa pang grupo. Kung may 2 pintuan papasok sa isang silid, inirerekomenda na ang bawat grupo ng mga bata ay may dedikadong pinto na ginagamit lamang nila para pumasok at lumabas sa espasyo.**
- **Ang isang ruta ng pag-eksit (paraan ng paglabas) ay dapat na magamit ng mga bata sa bawat hanay ng isang hinating silid. Ang bawat lugar ay dapat na may tuloy-tuloy at hindi nahaharalang daanan mula sa anumang punto sa loob ng lugar papunta sa isang lugar na ligtas. Dapat na nakapaskil ang mga karatula sa mga panghati o malapit sa mga panghati na**

nagpapahiwatig ng mga daraanan para lumabas at ang paggamit ng mga daraanang ito ay dapat na sanayin sa mga drill sa paglikas upang matiyak ang kaligtasan sa kaso ng emerhensya.

- Ang lahat ng mga bisita at mga bata ay inaatasan na magsuot ng mga maskara habang nasa pasilidad o sa mga nasasakupang lugar nito, maliban kung natutulog, kumakain/umiinom, o nagsasagawa ng solong pisikal na pagpuwersa sa katawan (gaya ng pagja-jogging nang sarilinan). Ito ay nalalapat sa lahat ng mga matatanda at sa mga bata na 2 taong gulang at mas matanda pa. Ang mga indibidwal lamang na inatasan ng kanilang medikal na tagapagbigay (medical provider) na huwag magsuot ng maskara ang hindi saklaw na magsuot nito. Para suportahan ang kaligtasan ng iyong mga empleyado at mga bisita, ang isang maskara ay dapat na may magagamit ang mga bisita na dumarating na wala nito.
- Isagad ang espasyo sa pagitan ng mga upuan, mesa, at kama. Isaalang-alang ang mga paraan para makagawa ng paghihiwalay ng mga bata gamit ang ibang mga paraan, halimbawa, anim na talampakan sa pagitan ng mga upuan, mga partiyon sa pagitan ng mga upuan, mga marka sa sahig para itaguyod ang pagdistansya, pagsasaayos ng mga upuan sa paraan na pinabababa o mabawasan ang harapang kontak.
- Isaalang-alang ang muling pagdidisenyo ng mga aktibidad para sa mas maliit na mga grupo at muling pagsasaayos ng kasangkapang-bahay at laruang mga espasyo (play spaces) para makapagpanatili ng separasyon o paghihiwalay.
- Ang mga kawani ay dapat na magbuo ng mga instruksyon para sa pagsasagad ng espasyo at mga paraan para mapababa ang panganib ng malapitang pakikisalamuha sa mga bata sa parehong panloob at panlabas na mga espasyo na madaling maintindihan ng mga bata at naaangkop sa pag-unlad sa pamamagitan ng paggamit ng mga tulong (aids) tulad ng mga marka sa sahig at palatandaan.
- Higipitan ang mga hindi kinakailangang bisita, boluntaryo, at aktibidad na kinasasangkutan ng ibang mga grupo nang sabay-sabay.
- Higipitan ang mga sama-samang aktibidad kung saan praktikal. Kung hindi ito praktikal, gawing halinhinan ang paggamit, wastong i-espasyo ang mga okunante, panatilihing maliit at hindi nagbabago-bago ang mga grupo at magdisimpekta sa pagitan ng mga paggamit.
- Limitahan ang mga pagtitipon at mga ekstrang aktibidad sa mga tao na kayang magpanatili ng pisikal na pagdistansya at suportahan ang wastong kalinisan ng kamay.
- Gumamit ng mga alternatibong espasyo hangga't kinakailangan, kabilang ang regular na paggamit ng panlabas na espasyo, kung pinahihintulutan ng panahon. Halimbawa, isaalang-alang ang pagsasagad ng panlabas na espasyo, at ang paggamit ng mga kapetirya at iba pang mga espasyo na magagamit upang pahintulutan ang pisikal na pagdistansya.
- Pababain o bawasan ang tipon-tirong paggalaw hangga't praktikal.
- Hangga't maaari magsagawa sa labas ng maraming aktibidad kasama ang mga bata (ang lahat ng mga aktibidad ng fitness, pag-awit at pagkanta ay dapat lamang ganapin sa labas).

MGA KAINAN

- Hikayatin ang mga bata na magdala ng kanilang sariling pagkain hangga't magagawa, at magsagawa ng pisikal na pagdistansya kapag kumakain o kumain sa loob ng kanilang mas maliliit na grupo, kaysa sa isang sama-samang kumunal na kainan o kapetirya. Siguruhin ang kaligtasan ng mga bata na may mga allergy sa pagkain.
- Gumamit ng mga patapon (disposable) na gamit sa pagkain (hal., mga kubyertos at mga plato). Kung ang mga patapon na gamit ay hindi maaari, siguruhin na ang lahat ng hindi patapon na gamit sa pagkain ay hinugasan gamit ang sabong pang-plato at mainit na tubig o sa isang dishwasher. Ang mga indibidwal ay dapat na hugasan ang kanilang mga kamay pagkatapos direktang panghawakan ang mga ginamit na bagay sa pagkain.
- Kung ang pagkain ay inaalok sa anumang kaganapan, magkaroon ng mga pre-packaged na kahon o supot para sa bawat kalahok kaysa sa isang buffet o estilong pampamilyang kainan. Iwasan ang pagsasalo-salo ng mga pagkain at kubyertos.

C. MGA HAKBANG PARA MATIYAK ANG PAGKONTROL NG IMPEKSYON

- Siguruhin na alam ng mga kawani at mga pamilya ang mga pinahusay na kasanayan sa kalinisan, mga gabay sa pisikal na pagdistansya at kanilang kahalagahan, wastong paggamit, pagtanggap at paglalaba o

pagtapon ng mga maskara, mga kasanayan sa pagsusuri at COVID-19 partikular na kriterya sa pagbubukod.

- Magtalaga ng isang kawani na magiging responsable para sa pagresponde sa mga alalahanin ng COVID-19. Ang lahat ng mga kawani ng pangangalagang pambata at mga pamilya ay dapat alam kung sino ang taong ito at kung paano sila kokontakin. Ang indibidwal na ito ay dapat na sinanay na mag-ayos sa pagdokumento at pagsusubaybay ng posibleng pagkakalantad, nang sa gayon ay maabisuhan ang mga kawani at pamilya sa isang maagap at responsableng pamamaraan. Ang taong ito ay responsable rin para sa pag-aabiso sa mga lokal na opisyal ng kalusugan tungkol sa lahat ng mga kaso ng COVID-19 sa pasilidad.
- Siguruhin ang sapat na mga gamit para masuportahan ang malusog na mga pag-uugali sa kalinisan, kabilang ang sabon, mga tisyu, hindi hinahawakan na basurahan at hand sanitizer na may hindi bababa sa 60 porsyentong ethyl na alkohol para sa mga kawani at sa mga bata na kayang ligtas na gamitin ang hand sanitizer.
- Turuan ang mga bata ng mga sumusunod na hakbang sa personal na pamprotekt:
 - o Regular na paghuhugas ng mga kamay bago at pagkatapos ng main; pagkatapos umubo o bumahing; pagkagaling sa labas; at pagkatapos na gumamit ng banyo.
 - o Iwasang hawakan ang iyong mga mata, ilong, at bibig.
 - o Takpan ang mga pag-ubo at pagbahing.
 - o Gumamit ng tisyu para punasan ang iyong ilong at umubo/bumahing sa loob ng isang tisyu o sa iyong siko.
- Isaalang-alang ang mga gawain na nakapagpapalana sa mga kawani at mga bata na regular na maghugas ng kanilang mga kamay na may halimbawa ng puwang.
- Ang mga bata at kawani ay dapat na maghugas ng kanilang mga kamay nang 20 segundo gamit ang sabon, maiging pagkukuskos pagkatapos ng aplikasyon, at gumamit ng mga tuwalyang papel (o isang gamitan na mga tuwalyang tela) para paguyuan nang maigi ang mga kamay.
- Ang mga kawani ay dapat na ipakita at sagawa ang paghuhugas ng kamay. Halimbawa, para sa mga mas batang bata, gamitin ang oras na pangbanyo bilang isang pagkakataon para mapatibay ang mga malulusog na gawain at subaybayan ang wastong paghuhugas ng kamay.
- Ang mga bata at kawani ay dapat na gumamit ng hand sanitizer kapag ang paghuhugas ng kamay ay hindi praktikal. Ang sanitizer ay dapat na ikuskos sa mga kamay hanggang ganap na matuyo. Tandaan: ang madalas na paghuhugas ng kamay ay mas epektibo kaysa sa paggamit ng mga hand sanitizer, lalo na kapag ang mga kamay ay nakikitang madumi.
 - o Ang mga bata ang wala pang 9 na taong gulang ay dapat na gumamit ng hand sanitizer sa ilalim ng pangangasiwa ng matanda. Tawagan ang Pagkontrol ng Lason kung naisubo: 1-800-222-1222. Mas pipili ang mga hand sanitizer na naka-base sa ethyl alkohol at dapat na gamitin kapag may malalaking hindi napangasiwaang paggamit ng mga bata. Ang isopropyl na mga hand sanitizer ay mas nakakalason at maaaring sumipsip sa balat. Huwag gumamit ng anumang mga produkto na naglalaman ng methanol.
- Hangga't maaari isaalang-alang ang mga naililipat-lipat (portable) na estasyon sa paghuhugas ng kamay sa buong lugar para mabawasan ang paggalaw at pagtitipon-tipon sa mga banyo.
- Suspindihin ang paggamit sa mga bukal na inuman (drinking fountains) at sa halip ay hikayatin ang paggamit ng mga bote ng tubig na paulit-ulit na magagamit.
- Kung maaari ang madalas na mahawakang ibabaw tulad ng mga hawakan ng pinto, switch ng ilaw, hawakan ng lababo, ibabaw ng banyo, mesa at mga ibabaw sa mga transportasyong sasakyan ay dapat na nililinis nang minsan sa isang araw man lamang at mas madalas sa buong araw.
- Limitahan ang paggamit ng mga napagsasaluhang kagamitan sa palaruan pabor sa mga pisikal na aktibidad na nangangailangan ng mas kaunting kontak sa mga ibabaw.
- Limitahan ang pagsasalo-salo ng mga bagay at kagamitan, tulad ng mga laruan, mga gamit ng laro at sining, kung hindi man ay linisin at idisimpekta sa pagitan ng mga paggamit.

- ❑ Magkaroon ng maraming laruan at mga bagay na nagagalaw na madaling linisin at disimpektahin sa buong araw o magbigay ng indibidwal na tinataakang halagang may mga laruan at ari-arian para sa bawat bata. Tiyakin na ang mga laruan na mahirap linisin (hal. mga malalambot na laruan) ay tinanggal na o maingat na sinusubaybayan para gamitin ng indibidwal na mga bata lamang.
- ❑ Kapag namimili ng mga produkto sa panglinis, gamitin yong mga aprubado para sa paggamit laban sa COVID-19 na nasa aprubadong listahan na “N” ng Environmental Protection Agency (EPA) at sundin ang mga instruksyon ng produkto. Ang mga produktong ito ay naglalaman ng mga sangkap na mas ligtas sa mga indibidwal na may hika.
- ❑ Gumamit ng mga pandisimpekta na tinatakan na epektibo laban sa lumalabas na viral pathogens, sundin ang mga direksyon ng tatak para sa naaangkop na pagtitimpla at mga oras ng kontak. Magbigay ng pagsasanay sa mga empleyado tungkol sa mga panganib ng kemikal, mga instruksyon ng tagagawa, at ng mga kinakailangang ligtas na paggamit ng Cal/OSHA.
- ❑ Ang mga kawani sa pag-iingat na may responsibilidad na maglinis at magdisimpekta ng lugar ay dapat na nabibigyan ng wastong pamprotektang kagamitan, kabilang ang mga guantes, proteksyon sa mata, proteksyon sa palahingahan, at iba pang naaangkop na pamprotektang kagamitan gaya ng inaatas ng mga instruksyon ng produkto. Ang lahat ng mga produkto ay dapat na hindi maabot ng mga bata at nakatabi sa isang lugar na may nililimitahang akses.
- ❑ Kapag naglilinis, pahanginan ang lugar/espasyo bago dumating ang mga bata; planuhin na gumawa ng lubusang paglilinis kapag wala ang mga bata. Kung gumagamit ng aircon, gamitin ang setting na naghahatid ng sariwang hangin. Palitan at suriin ang mga panal ng hangin at mga sistema ng pagsala para masiguro ang pinakamabuting kalidad ng hangin.
- ❑ Kung ang pagbubukas ng mga bintana ay nagbababa ng panganib sa kalusugan, isaalang-alang ang mga alternatibong estratehiya para sa pagpapabuti ng daloy ng hangin gaya ng pagsasagad ng pagsasala ng hangin sa sentro para sa mga sistema ng HVAC (ang dapat na rating ng filter ay hindi bababa sa MERV 13).
- ❑ Gumawa ng mga hakbang para siguruhin na ang lahat ng mga sistema at tampok ng tubig (halimbawa, inuming bukal, bukal na pangdekorasyon [decorative fountains]) ay ligtas na gamitin pagkatapos ng matagal na pagsasara ng pasilidad upang mabawasan ang panganib ng impeksyon gaya ng sakit na Legionnaires.

SURIIN ANG MGA BATA

- ❑ Sanayin ang mga kawani at turuan ang mga bata at kanilang mga pamilya tungkol sa kung kailan sila dapat manatili sa bahay at kung kailan sila makakabalik sa pangangalagang pambata (childcare). Aktibong hikayatin ang mga kawani at mga bata na may sakit o ang mga nagkaroon ng kamakailang malapitang kontak sa isang taong may COVID-19 na manatili sa bahay.
- ❑ Bilang karagdagan sa pagsusuri ng mga kawani kapag sila ay dumarating, ang lahat ng mga bata ay dapat rin suriin sa pagdating sa pasilidad:
 - Magsagawa ng pagsusuri sa nakikitang pagkamabuti (visual wellness checks) ng lahat ng mga bata sa pagdating; maaaring kabilangan ito ng pagkuha sa mga temperatura ng mga bata sa pagsisimula ng bawat araw gamit ang isang hindi hinahawakang termometro. Kung walang magagamit na isang hindi hinahawakang termometro, ang napaulat na pagtatasa ng temperatura ay katanggap-tanggap.
 - Ang pasilidad ay inaatasan na sumunod sa gabay ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan sa [Mga Landas ng Desisyon](#) para sa mga taong nasuri o na-screen na positibo para sa mga sintomas bago ang pagpasok sa institusyong pang-edukasyon o habang nasa institusyong pang-edukasyon. Tanungin ang lahat ng mga indibidwal tungkol sa mga sintomas sa loob ng huling 24 na oras at kung may sinuman sa kanilang tahanan ang may positibong pagsuri sa COVID-19. Ang mga pagsusuri sa sintomas ay isinasagawa rin bago ang mga bisita ay maaaring makapasok sa pasilidad. Ang mga pagsusuri ay dapat na kabilangan ng pagtatanong o check in tungkol sa mga sintomas na tumutukoy sa posibleng impeksyon ng COVID-19 na nakalista sa Landas ng Desisyon. Ang mga pagsusuring ito ay maaaring gawin nang personal o sa pamamagitan ng mga

alternatibong pamamaraan tulad ng mga sistema ng on-line check in o sa pamamagitan ng [karatula](#) na nakapaskil sa pasukan ng pasilidad na nagsasaad na ang mga bisita na may mga sintomas na ito ay hindi dapat pumasok sa lugar.

- Huwag isama ang sinumang anak, magulang, tagapag-alaga, o kawani na nagpapakita ng mga sintomas na tumutukoy sa impeksyon ng COVID-19 o may kinilalang pagkakalantad sa isang indibidwal na kumpirmadong may COVID-19.
- Subaybayan ang mga kawani at mga bata sa buong araw para sa mga palatandaan ng sakit; pauwiin ang mga bata at mga kawani na may mga sintomas na tumutukoy sa posibleng impeksyon ng COVID-19. Ipadala ang mga nasabing tao sa naaangkop na medikal na pasilidad kaysa sa kanilang mga tahanan kung kinakailangan.

KUNG ANG MGA KAWANI O BATA AY NAGKASAKIT

- Tukuyin ang isang silid sa pagbubukod o lugar para ihiwalay ang isang tao na nagpapakita ng mga sintomas ng COVID-19.
- Siguruhin na sila ay may suot-suot na telang maskara o isang pang-operana maskara kung sila ay higit sa edad na 2 taong gulang at walang mga problema sa paglalagay o pagtatanggal ng maskara o walang mga isyu sa paghinga kapag may nakasuot na maskara.
- Ang bata o kawani na nagpapakita ng mga sintomas ay dapat na manatili sa silid ng pagbubukod hangga't sila ay maaari nang ibyahe pauwi o sa isang pasilidad ng pangangalagang pangkalusugan, sa lalong madaling panahon na praktikal.
- Bumuo ng mga paraan para sa ligtas na pagbibiyale sa sinumang may sakit papunta sa kanilang tahanan o sa isang pasilidad ng pangangalagang pangkalusugan, kung naaangkop. Tawagan ang 9-1-1 ng walang pagkaantala kung ang indibidwal ay nagkaroon ng nagpapatuloy na sakit o presyon sa dibdib, pagkalito, o mangasul-ngasul na labi o mukha.
- Ang mga lugar ay dapat na tiyakin na sila ay may isa man lamang, ngunit mas mainam kung higit pa, na mga numero ng kontak pang-emerhensiya para matiyak ang notipikasyon kung ang isang bata ay magkakaroon ng mga palatandaan ng sakit.
- Payuhan ang mga may sakit na miyembro ng kawani at mga bata na huwag babalik hangga't hindi nila natutugunan ang kriterya para bumalik sa pasilidad tulad ng binalangkas sa [Mga Landas ng Desisyon](#) para sa mga taong may sintomas sa isang institusyong pang-edukasyon.
- Sa oras na napagbigay alam na ang isang miyembro ng kawani o isang bata ay nasuring positibo para sa COVID-19, ang pasilidad ay inaatasan na utusan ang nahawaang tao na magbukod ng kanilang mga sarili sa bahay at utusan ang lahat ng taong nalantad sa nahawaang tao na mag-quarantine. Ang mga paglalantad ay rebibuhin para tasahin kung sinong mga tao ang nangangailangan ng pag-quarantine kabilang ang posibilidad ng pagka-quarantine ng lahat ng indibidwal sa parehong pangkat bilang isang nahawaang tao kung ang mga pagkakalantad ay hindi maitatangi para sa buong grupo. Tingnan ang gabay sa pampublikong kalusugan sa pagbubukod (ph.lacounty.gov/covidisolation) at pag-quarantine (ph.lacounty.gov/covidquarantine) para sa karagdagang detalye.
- Ang mga pasilidad ay inaatasan na abisuhan ang Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan sa lahat ng mga indibidwal na may kumpirmadong kaso ng COVID-19 na nasa lugar sa anumang punto sa loob ng 14 na araw bago ang petsa ng pagsismula ng sakit. Ang isang kumpirmadong kaso ng COVID-19 ay isang indibidwal na mayroong positibong pagsusuri sa COVID-19. Ang petsa sa pagsisimula ng sakit ay ang unang araw ng mga sintomas ng COVID-19 o petsa ng pagsusuri sa COVID-19, alinman ang mas maaga.
- Ang ligtas na pag-uulat online ay ang mas pinipiling paraan sa pag-aabiso sa DPH ng mga pagkakalantad sa COVID-19 at maaaring gawin sa isang kompyuter o mobile na aparato na may akses sa ligtas na aplikasyon ng web: <http://www.redcap.link/lacdph.educationsector.covidreport>. Kung ang online na pag-uulat ay hindi magagawa, ang pag-uulat ay maaaring gawin ng manu-mano sa pamamagitan ng pagdownload at pagkumpleto sa [COVID-19 Kaso at Kontak Listahan ng Linya para sa Sektor ng Edukasyon](#) at pagpapadala nito sa ACDC-Education@ph.lacounty.gov.

- Ang pag-uulat ng 1 o 2 kumpirmadong kaso ay dapat na gawin sa loob ng 1 araw ng negosyo pagkatapos na maabisuhan sa (mga) kaso.
 - Sa kaganapan na 3 o higit pang mga kaso ng COVID-19 ay kinilala sa loob ng pasilidad sa tagal na 14 na araw, ang amo o employer ay dapat agad na iulat ang kumpol na ito sa Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan. Ang Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ay makikipagtulungan sa programa para tukuyin kung ang kumpol ay isang pagsiklab na nangangailangan ng isang imbestigasyon sa pagsiklab ng pampublikong kalusugan.
- ❑ Isarado ang mga lugar na ginamit ng sinumang may sakit na tao at huwag gamitin bago ang paglilinis at pagdidisimpekta. Maghintay ng 24 na oras bago linisin o disimpektahin. Kung hindi maari ang 24 na oras, hangga't maari maghintay nang matagal.
 - ❑ Siguruhin ang isang ligtas at tamang paglalagay ng mga pandisimpekta gamit ang personal na pamprotektang kagamitan at bentilasyon na rekomendado para sa paglilinis. Iwas sa mga bata ang mga produkto sa paglilinis at pagdidisimpekta.
 - ❑ Sa panahon ng pagsiklab o isang malaking pagkakalantad, sa konsultasyon sa lokal na kagawaran ng pampublikong kalusugan, ang naaangkop na administrador ng pangangalagang pambata ay maaaring isaalang-alang kung ang pagsasara ay iniuutos at haba ng oras bawat araw sa antas ng panganib sa loob ng partikular na komunidad:
 - Kung ang programa ay sarado, huwag hikayatin ang mga kawani, mag-aaral, at kanilang mga pamilya na magtipon-tipon o makihalubilo saanman. Kabilang dito ang mga pagsasaayos sa pangangalagang pambata na pang-grupo, pati na rin ang pagtitipon-tipon sa mga lugar tulad ng bahay ng isang kaibigan, isang paboritong restawran, o ang lokal na pamilihan o shopping mall.

LIMITAHAN ANG PAGSASALO-SALO

- ❑ Panatilihin nakahiwalay ang mga gamit ng bata sa isang bata at nasa isang indibidwal na tinatakdang pag-iimbak na lalagyan, kubiko o lugar. Siguruhin na ang mga gamit ay inuuwi bawat araw para linisin at disimpektahin.
- ❑ Siguruhin ang sapat na mga gamit para mabawasan o mapababa ang pagsasalo-salo ng mga materyales na madalas na nahahawakan (mga gamit ng sining, kagamitan, atbp.) hangga't praktikal o limitahan ang paggamit ng mga gamit at kagamitan sa isang grupo ng mga bata sa isang panahon at linisin at disimpektahin sa pagitan ng mga paggamit.
- ❑ Iwasan ang pagsasalo-salo ng mga elektronikong aparato, damit, laruan, libro at iba pang mga laro o pangtulong sa pag-aaral (learning aids) hangga't praktikal.

D. MGA HAKBANG NG KOMUNIKASYON SA PUBLIKO

- ❑ Panatilihin ang mga sistema sa komunikasyon na nagpapahintulot sa mga kawani at pamilya na iulat ng sariling mga sintomas at makatanggap ng mga maagap na abiso sa mga pagkakalantad at pagsasara, habang pinananatili ang pagka-kumpidensyal.
- ❑ Ang isang kopya ng protokol na ito, o ang nailimbag na Sertipiko ng pasilidad sa Pagsunod sa COVID-19 (COVID-19 Safety Compliance Certificate) ng LA County na nakapaskil sa lahat ng mga pampublikong pasukan sa pasilidad. Para sa higit pang impormasyon o para kumpletuhin ang programa sa pagpapatunay ng sarili (self-certification) para sa pagsunod sa kaligtasan sa COVID-19, bisitahin ang <http://publichealth.lacounty.gov/eh/covid19cert.htm>. Ang mga pasilidad ay dapat na magtabi ng isang kopya ng mga Protokol sa mismong lugar sa pasilidad para sa pagsisiyasat, sa oras na hilingin.
- ❑ Ang mga palatandaan o sign ay nakapaskil sa lahat ng lugar na pinaaalalahanan ang mga tagapagturo at mga bata sa pangangailangan para sa pisikal na pagdidistansya at paggamit ng mga maskara.
- ❑ Ang mga palatandaan o sign ay nakapaskil na nag-aatas sa mga bisita na dapat silang manatili sa bahay kung may sakit na may mga sintomas sa palahingahan.
- ❑ Ang mga bilihan o outlet sa online ng establisyemento (website, sosyal (social) media, atbp.) ay nagkaloob ng maliwanag na impormasyon tungkol sa pisikal na pagdidistansya, paggamit ng mga

maskara at iba pang mga isyu.

E. MGA HAKBANG PARA MATIYAK ANG PANTAY NA AKSES SA MGA KRITIKAL NA SERBISYO

- Ang mga serbisyo na kritikal sa mga bata ay binigyang prayoridad.
- Pinasimulan ang mga hakbang para siguruhin ang akses sa mga serbisyo para sa mga bata na may mga limitasyon sa pagkilos at/o nasa mataas na panganib sa mga pampublikong lugar.

Ang anumang mga karagdagang hakbang na hindi kabilang sa itaas ay dapat na nakalista sa mga hiwalay na pahina, na dapat ilakip ng negosyo sa dokumentong ito.

Maaari kang makipag-ugnayan sa sumusunod na tao para sa anumang mga katanungan o komento tungkol sa protokol na ito:

Pangalan ng Kontak ng Negosyo: _____

Numero ng telepono: _____

Petsa na Huling Nirebisa: _____

Retirado - Wala ng Epekto